REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-85

KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGLALAYONG SUSUGAN ANG KAUTUSANG BAYAN BILANG 92-01 SA PAMAMAGITAN NG PAGBIBIGAY NG DEPINIDONG KAHULUGAN KUNG ANO ANG SAKOP O IBIG SABIHIN NG KATAGANG LANSANGANG PANLALAWIGAN (PROVINCIAL ROAD).

*****************************************************************

Ipinanukala ni: KGG. ERNESTO A. CARUBIO

*****************************************************************

SAPAGKAT, ang batas trapiko ukol sa pagbabawal ng pagparada ng anumang uri ng sasakyan sa alinmang lansangang panlalawigan (Provincial Road) (KB 92-01) ay nagdudulot ng kalituhan sa ating mga alagad ng batas na nagpapatupad nito sa kawalan ng depinidong kahulugan ng katagang "lansangang panlalawigan";

SAPAGKAT, sa kawalan ng depinidong kahulugan ng katagang "lansangang panlalawigan", ang batas na nauukol dito ay siyang nagagamit ng ating mga alagad ng batas sa mga lumalabag sa illegal na pagparada sa lansangang bayan (National Highway) sa kabila ng mayroong batas trapiko na nauukol dito (KB 91-33) na siyang dapat sana ay ipataw sa lumalabag nito;

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtitibay ang sumusunod:

SEKSIYON 1 - Ang TALATA I ng Kautusang Bayan Bilang 92-01 na nagsasaad "Ang maliliit na lansangan tulad ng lansangang panlalawigan (provincial roads) ay kinakailangang maging malayo sa anumang nakaharang o sagabal para sa maayos at mabilis na daloy ng trapiko para sa kaginhawahan ng mga bumabaybay dito."

Sa bisa ng Kapasiyahang Bayan na ito ay ang TALATA I ng nabanggit na Kautusang Bayan 92-01 bilang pagsusog ay mababasa na ngayon sa sumusunod:

TALATA I - "Ang maliliit na lansangan tulad ng lansangang panlalawigan (provincial road) ay kailangang libre sa anumang sagabal para sa maayos at mabilis na daloy ng trapiko. Para sa layunin ng Kautusang Bayan na ito, ang katagang lansangang panlalawigan ay ang kahabaan ng daan na bumabagtas sa baybayin ng pamayanan, mula Barangay Sucat hanggang Barangay Tunasan.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



SEKSIYON 2 - Ang TALATA III ng Kautusang Bayan Bilang 92-01 na nagsasaad "ang binibigyan lamang ng pahintulot na pansamantalang pumarada ay ang mga dumadalo sa pagkakaroon ng pagtitipon ng mga binabanggit na lugar tulad ng kasalan, binyagan, kaarawan, paglalamay sa patay at iba pang kahalintulad na okasyon.

Sa bisa ng Kapasiyahang Bayan na ito ay ang TALATA III ng Kautusang Bayan Bilang 92-01 bilang pagsusog ay mababasa na ngayon sa sumusunod:

> TALATA III - "Ang binibigyan lamang ng pahintulot na pansamantalang pumarada ay ang mga dumadalo sa pagkakaroon ng pagtitipon sa mga binabanggit na lugar tulad ng kasalan, binyagan, kaarawan, paglalamay sa patay at iba pang kahalintulad na okasyon at ang pagdidiskarga ng mga kalakal o paninda mula sa mga delivery truck/vans ng mga dealers/distributors ng softdrinks, beers, liquors at iba pang katulad na pagnenegosyo na hindi mangangailangan ng matagalang pagparada. Ang pagbabawal sa binabanggit na pagparada ay sasakop sa mga barangay at feeder roads."

SEKSIYON 3 - Ang Kapasiyahang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-52nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-23 ng Agosto, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan